



BC Centre for Disease Control
An agency of the Provincial Health Services Authority

TB Skin Test

655 West 12th Avenue
Vancouver, BC V5V 4R4

Tel 604.707.2400
Fax 604.707.2441
www.bccdc.ca

Ikaw ba ay at risk on nasa panganib?

Ang Tuberculosis (TB) Skin Test ay ginagawa upang malaman kung may impeksyon ka ng TB. Kailangan mo ng TB skin test kung gumugol ka ng panahon kasama ng **isang taong may sakit** ng aktibong sakit na TB o kung **at risk o nasa panganib kang magdibelo** ng sakit na TB kung may impeksyon ka ng TB.

Ang TB skin testing ay inirekomenda para sa mga taong:

- Gumugol ng panahon kasama ng isang taong may sakit ng aktibong sakit na TB.
- May HIV infection o ibang medikal na kondisyon tulad ng diyabetis, kanser, o chronic kidney disease (pangmatagalang sakit sa bato) o umiinom ng mga gamot na nagpapahina sa immune system.
- Mula sa isang lugar o bansa kung saan karaniwan ang sakit na TB.
- Nangangailangan ng rutinang screening para sa imigrasyon, lugar ng trabaho, o eskwelahan.

Paano kumakalat ang TB?

Ang mikrobyo ng TB ay kumakalat mula sa isang tao patungo sa iba sa hangin, kapag ang isang taong **may sakit na TB** sa kanyang mga baga ay umubo, nagsalita, kumanta, o humatsing. Kung nalanghap mo ang hangin na may mikrobyo ng TB, maaaring maimpeksyon ka ng mikrobyo ng TB at magdibelo ng latent TB infection o aktibong sakit na TB.

Ang **latent TB infection** ay nangyayari kapag nalanghap mo at pumasok sa iyong baga ang mga mikrobyo ng TB, at **kayang itigil** ng iyong immune system ang mga mikrobyo ng TB nang hindi ito dumami at bigyan ka ng sakit. Ang mga mikrobyo ng TB ay natutulog (latent). Ang mga taong may latent TB infection ay hindi nakakaramdam ng sakit o walang mga anumang sintomas. **Hindi** nila **maaaring** ikalat ang TB sa ibang tao. Sa katotohanan, hindi man nila nalalaman na ang mga mikrobyo ay nasa kanilang katawan hangga't sila'y nagpa-TB skin test.

Ang **aktibong sakit na TB** ay nangyayari kapag nalanghap mo at pumasok sa iyong mga baga ang mga mikrobyo ng TB, at **hindi kayang itigil** ng iyong immune system ang mga mikrobyo ng TB; sa gayon ay lumalaki at dumarami ang mga ito, at ikaw ay magkakasakit.

Ang mga palatandaan at mga sintomas ng aktibong sakit na TB ay ang mga sumusunod: umuubo nang 2-3 linggo o mas matagal, may dugo sa dura, lagnat, pinagpapawisan sa gabi, walang ganang kumain, hindi maipaliwanag na pagbawas ng timbang, pagkapagod, kirot sa baga, at pangangapos ng hininga.

Bakit kinakailangan ang TB Skin Test?

Ang TB skin test ay tutulong sa iyo na malaman kung may mga mikrobyo ng TB na natutulog sa iyong katawan (Latent TB Infection). Kung mayroon kang latent TB infection, maaari mong kausapin ang iyong health care provider tungkol sa mga pinakamainam na paraan upang maiwasan ang aktibong sakit na TB. Ang mikrobyo ng TB ay maaaring manatiling tulog sa iyong katawan habang-buhay, o maaari itong magising, magsimulang dumami, at bigyan ka ng aktibong sakit na TB. Walang paraan upang malaman kung ito ay mangyayari, o kung kailan ito mangyayari. Mas may pagkakataong mangyari ito kapag mahina ang immune system ng isang tao, dahil ang immune system ay ang dahilan kung bakit natutulog ang mga mikrobyo ng TB at kung bakit hindi sila dumarami.

Ang TB Skin Test

May dalawang bisita sa clinic para sa TB skin test.

Ika-1 Bisita	Ika-2 Bisita
<ul style="list-style-type: none">Tatanungin ka ng iyong nars kung maaaring nalantad ka sa TB, kung dati kang nagpa-TB skin tests, blood tests, at treatment.Kung kinakailangan ay magsasagawa ng TB skin test -- isang maliit na iniksyon sa bandang ibabâ ng iyong bisig.	<ul style="list-style-type: none">Titingnan ng iyong nars ang iyong braso 48-72 oras pagkatapos ng TB skin test upang malaman kung may reaksyon.Ipapaliwanag niya ang mga resulta at sasabihin niya sa iyo kung kailangan kang pumunta sa isang doktor o nars.

Saan ko makukuha ang TB skin test?

Kausapin ang iyong health care practitioner o local public health unit upang malaman kung saan magagawa ang TB skin test. Ang karamihan ng TB skin tests ay libre sa BC. Ang TB skin tests para sa trabaho at eskwelahan ay kailangang bayaran. Maaaring kailangan mo ng medical referral mula sa iyong family doctor. Puntahan ang <http://www.healthlinkbc.ca/find/> upang humanap ng lugar malapit sa iyo.

Anu-ano ang mga posibleng reaksyon pagkatapos ng isang TB Skin Test?

May inaasahang kaunting pamumula sa lugar kung saan ginawa ang skin test. Ang lugar na ito ay maaaring mangati, pero mahalaga ang huwag kamutin ito dahil maaari itong magdulot ng pamumula o pamamaga, at dahil dito'y maaaring maging mahirap basahin ang skin test. Kung sobra ang pangangati, maglagay ng malamig na bimp o tuwalya sa lugar na ito at pagkatapos ay tuyuin ito. Huwag takpan ng bendahe ang lugar na ito.

Ang matinding reaksyon ay maaaring magdulot ng banayad na pananakit o pamumula na maaaring magtagal nang ilang mga linggo. Kausapin ang iyong health care provider kung mayroon kang lagnat, pamamaga sa iyong braso, o pamamaga sa lymph nodes o kulani sa iyong kilikili. Mahalaga ang laging ireport ang mga malubha o hindi inaasahang reaksyon sa iyong health care provider.

Mahalaga ang manatili sa clinic nang 15 minuto pagkatapos mo makuha ang iyong TST dahil may bihirang-bihirang posibilidad (wala pang 1 sa 1 milyon) ng nakamamatay na allergic na reaksyon na tinatawag na anaphylaxis. Ang anaphylaxis ay bihirang-bihirang inireport pagkatapos ng isang TST gamit ang Tubersol®. Ang mga reaksyon na ito ay maaaring mangyari sa mga taong hindi pa dating nagpa-TST. Ang mga halimbawa ng reaksyon ay hives/pantal-pantal, kahirapang huminga, o pamamaga sa lalamunan, dila, o mga labi. Kung mangyayari man ang reaksyon na ito, handa ang iyong health care provider na bigyang-lunas ito. Kabilang sa emergency treatment ang pagbigay ng epinephrine (adrenaline) at paglipat gamit ang ambulansiya papunta sa pinakamalapit na emergency department. Kung nagdibelop ka ng mga sintomas pagkaalis mo sa clinic, tumawag sa 9-1-1 o sa iyong local emergency number.

Ang Resulta ng TB Skin Test

Ang lugar kung saan ginawa ang skin test ay iiksaminin upang malaman kung may reaksyon. Susukatin ng nars ang reaksyon na ito; ang TB skin test ay **positive** kapag ang reaksyon ay 10mm o mas malaki. Sa ilang mga sitwasyon, ginagamit namin ang 5mm bilang isang positive test. Ipapaliwanag sa iyo ng iyong health care practitioner ang iyong resulta.

- Ang **negative TB skin test** ay karaniwang nangangahulugan na wala kang mga mikrobyo ng TB sa iyong katawan. Ang karamihan ng mga tao ay hindi nangangailangan ng karagdagang testing. Sasabihin sa iyo ng iyong nars o doktor kung kailangan mo ng karagdagang testing.
- Ang **positive TB skin test** ay nangangahulugan na maaaring mayroon kang mga mikrobyo ng TB sa iyong katawan. Kailangan ng karagdagang testing bago gumawa ng diyagnosis. Mangyaring tingnan ang polyeto ng BCCDC na pinamagatang “Latent TB Infection” para sa karagdagang impormasyon tungkol sa isang positive TB skin test.